# DE LA SALLE UNIVERSITY

## LITERATURANG PANBAYAN NG MGA GADDANG, ISINAY, AT ILONGOT NG NUEVA VIZCAYA: PAGTITIPON, PAGSASALIN AT PAGBASANG KONTEKSTUWAL

S10000

Isang Disertasyong Iniharap sa
Paaralang Gradwado, Kolehiyo ng Malalayang Sining
Pamantasang De La Salle
Manila

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

Bilang Bahagi ng mga Kailangan
Para sa Titulong
Doktorado sa Wika at Panitikan

ni

Marilou A. Bautista

Oktubre, 1994

## MGA NILALAMAN


| | PAHINA |
|---|---|
| DAHON NG PAGPAPATIBAY | ii |
| PAGHAHANDOG | iii |
| PASASALAMAT | iv |
| ABSTRAK | ix |
| UNANG BAHAGI | |
| I. PANIMULA | 1 |
| Paglalahad ng Suliranin | 3 |
| Layunin ng Pag-aaral | 4 |
| Kahalagahan ng Pag-aaral | 5 |
| Saklaw ng Pag-aaral | 6 |
| Balangkas Konseptuwal | 7 |
| Pamamaraan | 10 |
| Pagpapakahulugan sa mga Katawagan | 14 |
| Balangkas ng Pag-aaral | 17 |
| Mga Kaugnay na Pag-aaral | 19 |
| II. NUEVA VIZCAYA: ANG LUPAIN AT ANG MGA MAMAMAYAN NITO | 27 |
| Ang mga Gaddang | 48 |
| Ang mga Isinay | 62 |
| Ang mga Ilongot | 77 |

Ang mga Ikalahan 107

Ang mga Iwak 112

III. MGA KUWENTONG PAMBAYAN 115

A. Mito (Gaddang, Isinay, Ilongot) 118

B. Alamat (Gaddang, Isinay, Ilongot) 128

K. Kuwentong Bayan (Gaddang, Isinay, Ilongot) 143

IV. MGA SALAWIKAIN AT BUGTONG 174

A. Mga Salawikain 174

B. Mga Bugtong 197

V. MGA AWITING BAYAN (Gaddang, Isinay, Ilongot) 214

VI. PAGLALAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON 260

Paglalagom 260

Konklusyon 266

Rekomendasyon 268

TALAAKLATAN 273

IKALAWANG BAHAGI 277

MAIKLING TALA NG BUHAY NG MANANALIKSIK 475



AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

## PAHALAN NA PAGBUBUOD

Nagpahanggang ngayon ay kulang pa rin sa malawak o komprehensibong pag-aaral sa mga literaturang bayan ng mga etnikong grupo ng Nueva Vizcaya - ang mga Gaddang, Isinay, at Ilongot. Ito ang nagbunsod sa mananaliksik upang ipagpatuloy ang pagpapayaman sa scholarship ng kulturang pambayan ng Gaddang, Isinay, at Ilongot. Tanging sa pag-aaral ng mga kahulugan, pagkakawing at pagkakaugnay-ugnay ng mga tradisyon, pag-uugali at kagawian ng mga tao na nailalarawan sa mga foklor natin matututuhan ang buhay-buhay, damdaming sosyal, intelektuwal at ispirituwal ng mga pinag-aaralang grupo.

Ang tatlong uri ng foklor -- mga salaysaying pambayan, mga karunungang-bayan at mga awiting bayan -- ay may sapat na representasyon sa pag-aaral na ito. Ang tatlumpu't walong (38) salaysay ay nahati sa mga mito, alamat at kuwentong bayan. Ang dalawang daan tatlumpung (230) karunungang bayan naman ay nahati sa isang daan limampu't limang (155) bugtong at pitumpu't limang (75) salawikain. Sa animnapu't isang (61) awiting bayan, nakatagpo ng isang ballad, ang "Ang Ating Awit sa Inang Santa Catalina," at ang nalalabing animnapu (60) ay pawang mga awiting liriko.

Ang katipunang ito ay resulta ng isang taong

paglilikom sa pamamagitan ng pananaliksik sa mga personal at nalathalang katipunan at maging sa pamamagitan ng pakikipagpanayam sa mga katutubo sa tulong ng isang tape recorder. Ang mananaliksik ay personal na nagtungo sa mga lugar na pinaninirahan ng mga grupong inaaral.

Batay sa pananaliksik, wala nang maidaragdag na literaturang pambayan sa mga nakalap nina Lora, Vinluan, Lodriguito at Borromeo para sa Gaddang; Ernesto Constantino para sa Isinay; at Wilson at Lodriguito para sa Ilongot.

Ang mga nakalap na materyal ay isinalin sa wikang Filipino sa tulong ng mga katutubong edukado na bihasa rin sa Filipino. Ang unang salin ay muling isinanggunì kay Aurora E. Batnag, OIC, Dibisyon sa Lingguwistika ng Komisyon sa Wikang Filipino, na bihasa sa agham ng pagsasalin. Ang mga tuntunin na sinunod ni Batnag sa pagsasalin ay ang mga sumusunod:

1. Sinikap na hindi magtunog-salin ang mga salin.
2. Inihanap muna ng mga eksperto ng katapat o kasing-kahulugan sa Tagalog ang mga kasabihan, salawikain at bugtong, at iba pa.
3. Pinanatili ang katutubong tawag sa mga kaugalian, kagamitan, at iba pa na uniko sa mga wikang isinalin.

4. Ang mga prosa ay isinaling prosa; ang tula ay isinaling tula. Kapag tula, sinikap na magkaroon ng tugma hangga't maari upang makuha ang kagandahan ng orihinal.

Matapos maisalin, ang mga ito ay sinuri sa pamamagitan ng apat na tungkulin ng foklor ayon kay Basoom. Ito ang mga tungkulin na maglibang, magturo, magpatibay, ng kultura at magsilbing puwersa ng lipunan upang mapasunod ang mga katutubo sa mga panuntunan ng tribo. Ang pagsusuri ay lalong pinalalim sa pamamagitan ng paggamit ng kaalaman sa katutubong kultura ng mga grupong inaral upang tarukin ang kalikasang sikolohikal - ang kanilang pananaw sa buhay, ang takbo ng isip nila, ang kanilang sistema ng pagpapahalaga at iba pa - na inilalahad ng kanilang literatura para sa mas mabuting ikauunawa sa mga taong ito.

Ang mga tiyak na layunin ng pag-aaral na ito ay ang makakalap at maitala ang literaturang pambayan buhat sa tatlong etnikong grupong matatagpuan sa Nueva Vizcaya -- Gaddang, Isinay, at Ilongot; maisalin ang representative sample ng bawat uri ng materyal upang magamit ang salin sa pagtuturo; suriin ang mga ito sa pagbabasang konseptuwal at sa katiyakan, sa pamamagitan ng apat na tungkulin ng foklor ni Basoom; tarukin ang

kalikasang sikolohikal ng mga katutubo na inihahayag ng kanilang literatura para sa mabuting ikauunawa sa mga taong ito; at suriin ang kahalagahan ng naisaling materyal sa pagpapayaman ng karanasang pangkaalaman ng mga batang mag-aaral, hindi lamang dito sa Pilipinas kundi maging sa ibang bansa.

Pinakamarami sa salaysaying pambayan ang mga kuwentong bayan na pangunahing ginagamit sa paglilibang. Ito ay sinusundan ng mga alamat at mito. Sa mga karunungang bayan, malimit na ginagamit nila ang prosa kaysa berso. Pinakamadalas din na gumagamit sila ng mga metapora. Karamihan ng kanilang mga awiting bayan ay mga awit na liriko bagaman nakatala ng isang ballad na nagkukuwento ng mahahalagang yugto sa buhay ni Santa Catalina, isang patrona.

Sa pag-aaral na ito, napatunayan na ang mga literaturang bayan ng mga etnikong grupo ng Nueva Vizcaya ay nagsasalamin sa kanilang katutubong kultura; tumutugon sa mga tungkulin ng foklor ayon kay Bascom; makapagpapalalim sa ating pang-unawa sa mga etnikong grupong pinag-aaralan; at makadaragdag, makapagpapayaman, at makapagpapalalim sa karanasang pangkaalaman ng mga batang mag-aaral hindi lamang dito sa Pilipinas, kundi maging sa ibang bansa.